

**Ni Pangulong Russell M. Nelson**

# Kaligayahan at Pagsunod


Ikaw ay anak ng Diyos. Binibigyan tayo ng Diyos ng mga kautusan para pagpalain tayo at dulutan ng galak. Kung minsan pinipili ng mga tao kung aling mga utos ang susundin nila at kung alin ang hindi. Ang pagsisikap na sundin ang *lahat* ng utos ng Diyos ay:



Bibiyayaan ka ng liwanag at galak.



Tutulungan kang lumaya sa nakapipinsalang mga gawi.



Poprotektahan ang iyong katawan.




Poprotektahan ang iyong espiritu.

Tandaan, laging nariyan ang Diyos at ang Kanyang mga anghel para tulungan ka. ●

*Hango sa "Harapin ang Kinabukasan nang may Pananampalataya,"* Liahona, *Mayo 2011, 34–36.*





Para sa iba pang mga ideya, tingnan sa "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo" sa pahina 63 ng *Gabay na Aklat ng mga Bata.*

## ANG ATING MGA KALASAG NG EBANGHELYO

Binigyan ni Kapitan Moroni ng mga kalasag ang mga Nephita para mapanatili silang ligtas. Sa bawat kalasag, isulat ang isang pamantayan ng ebanghelyo mula sa listahan sa ibaba na makakatulong sa iyo na manatiling ligtas at matatag.

- Makinig sa Espiritu Santo.
- Manamit nang disente.
- Maging matapat.
- Makinig sa magandang musika.
- Maging mabait sa mga tao.
- Magsisi kapag nakakagawa ka ng pagkakamali.
- Manood ng mabubuting bagay.
- Panatilihing banal ang araw ng Sabbath.
- Huwag magmura o gumamit ng magagaspang na salita.
- Gamitin nang may pagpipitagan ang mga pangalan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

MGA PAGLALARAWAN NI JOSH TALBOT